



# KASAYSAYAN

ng LEAGUE OF FILIPINO STUDENTS

**“Only through militant struggle can the best in the youth emerge.”**

# **KASAYSAYAN NG LEAGUE OF FILIPINO STUDENTS**

## ***MGA TAONG 1977-1981***

### **ANG ANTI-IMPERYALISTA AT DEMOKRATIKONG ALYANSA, ANG MULING PAGBANGON NG SEKTOR AT ANG PAGSULONG NG KILUSAN PARA SA DEMOKRATIKONG REPORMA SA KAMPUS**

Ang sunod-sunod na arbitraryong pagtaas ng matrikula at ang walang patumanggang panunupil sa karapatan at kagalingan ng mga kabataanestudyante ang nagbunsod ng muling pagsambulat ng kilusang protesta ng mga estudyante noong 1977 matapos ang pagpataw ng Batas Militar noong 1972.

Binasag ng kilusang paggawa ang katahimikan ng Batas Militar sa unang welga ng manggagawa sa La Tondeña. Pinatunayan ng pagkakataong ito na maaaring igiit ang militanteng paglaban sa gitna ng pasistang paghahari.

Sa kabila ng pasistang pagigipit ng diktaduryang US-Marcos, tulad ng pag-aresto, pagdetino ng mga lider-estudyante, pagbawal ng mga demokratiko't progresibong organisasyon, pagpinid at pagsara ng mga konseho at pahayagan, pagalabas ng mga "letters of instruction" na nagbawal sa anumang pagtitipon, demonstrasyon, at pag-oorganisa, ay nakapanaig sa mga estudyante para ipaglaban ang kanilang demokratikong interes at kagalingan sa pamamagitan ng militante at sama-samang pagkilos. Binasag nito ang katahimikan na dulot ng Batas Militar at nagbukas ng pinto para sa muling pagsusulong ng pambansa demokratikong kilusan ng kabataan.

Ang LFS ang nagsilbing pinagbuklod na samahan ng mga mag-aaral sa kampus na nagsisimula nang mabuo bilang pagtutol sa Martial Law. Nabuo ang unang alyansa ng LFS noong September 11, 1977 sa University of the Philippines (UP), Adamson University (AdU), Gregorio Araneta University Foundation (GAUF), University of the East (UE), Far Eastern University (FEU), FEATI at Manuel L. Quezon University (MLQU). Ang ugnayan ng kasapiang ay koordinasyon at kooperasyon sa mga pagkilos at aktibidad batay sa mga partikular na isyung kinakaharap.

Agad naglunsad ng mga koordinadong boykoteo, martsa, noise barrage ang LFS sa iba't ibang kampus. Sa lakas ng protesta at militansyang ipinakita, ilan sa mga paaralan ay napilitang magbaba ng matrikula, habang ang iba ay pumasok sa negosasyon at nagbigay ng konsesyon sa pasilidad sa kampus.

Tinaguriang unang yugto ng DRM (Democratic Reforms Movement) ang panahong ito. Naging senyales din ito sa pagsiklab ng mga protesta sa mga paaralang labas sa Metro

Manila at pagtatayo ng kakambal na sektoral na organisasyon sa mga rehiyon na magsisilbing makinarya para sa mga kampanya.

Ang naging paninindigan ng LFS para sa demokratikong karapatan ng estudyante ay isang tunay na progresibong paninindigan. Ito ay lalo pang pinatalas sa pagaangat at pag-uugnay ng mga isyung pangkampus sa mga pundamental na usaping panlipunan, kabilang ang usapin ng diktaduryang US-Marcos.

Mas mabagsik pang kilos protesta ang hinarap ng naghihingalong rehimeng USMarcos. Sa Ikalawang Pambansang Kongreso noong 1979, pormal na idineklara ng LFS ang Kilusan para sa Demokratikong Reporma sa Kampus (Democratic Reforms Movement) bilang programa sa susunod na taon. Iniugnay at tuwirang tumugon ang LFS sa mga pambansang usapin, isyu't kahilingan ng ibang sektor. Mulat na sinikap na buuin ang pambansang antas ng sektoral na alyansa ng LFS. Dala-dala na ng LFS ang anti-pasista, anti-imperyalistang panawagan na masasalamain sa mga islogang:

“Ibalik ang demokrasya sa Kampus!”

“Wakasan ang imperyalistang kontrol sa edukasyon!”

“Lansagin ang diktaduryang US-Marcos!”

Noong sumunod na mga taon, 1980-1981, sumiklab muli ang kilusang boykot. Sa taong ito, 400,000 na mag-aaral ang lumahok sa boykot sa mahigit na 60 na paaralan sa buong bansa gaya ng Baguio, Dagupan, Angeles, Nueva Ecija, Batangas, Lucena, Bacolod, Iloilo, Cebu at Davao. Militanteng iginiiit naman ng mga magaaral at guro ng UP ang paglaban sa Education Act of 1980. Sa gitna ng unos na ito ay napilitang magbigay ng konsesyon ang estado sa pamamagitan ng paglagda ng kasunduan sa pagitan ng Ministry of National Defense, at ang tagapangulo ng LFS na si Sonia Sotto. Ang MND-Sotto Accord ay nagsaad na paalisin ang mga destakamentong militar sa kampus, nagbawal sa pakikialam ng militar at paggamit ng dahas sa mga aksyong protesta sa mga paaralan, at nag-alis sa praktika ng mga security guards na mang-aresto ng estudyante.

Sinundan pa ito ng pagkamit ng pormal na karapatang magtayo ng mga samahan ng mga estudyante gaya ng fraternities, sororities, at ang pagtatayo ng konseho ng mag-aaral at ng pahayagang pangkampus pagkatapos ng huwad na pag-aalis ng Batas Militar noong 1981.

Masigla rin ang mga naging pagkilos sa mga anti-pasista at anti-imperyalistang mga isyu't usapin. Nag-piket-protesta ang LFS sa pagbisita ng dating US State Department Head na si Alexander Haig, nagdaos ng malaking demonstrasyon para sumuporta sa pakikibaka ng mga mamamayan ng Koreano laban sa pasistang diktador na si Chun Doo Hwan. Libo-libo ring estudyante ang napakilos noong pagbisita ni Pope John Paul II upang ilantad sa buong daigdig ang pasistang paghahari ng diktaduryang US-Marcos at

igiit ang pagpapalaya sa napakaraming bilang ng bilanggong pulitikal. Naging masigla rin ang pagkilos ng mga estudyante sa kilusang boykot sa huwad na eleksyong presidential.

Kasabay nito ay ang panawagan na magsikhay sa pag-aaral ng lipunan at magpunta sa hanay ng batayang masa ng manggagawa at magsasaka; ng ibayo pang pagpapalakas ng mga alyansa at organisasyon, at pagtatayo ng mga balangay ng LFS sa mga paaralan sa buong bansa.

Malaking tagumpay sa pagbubwelo muli ng kilusang kabataan-estudyante ang ginampanang papel ng LFS mula sa teror ng Batas Militar. Ang mga hiwahiwalay na organisasyon ng mga estudyante ay napagbigkis sa mga alyansa, at mula ditto ay naging miyembro pa ng mas malapad na alyansa. Sa ganitong direktang karanasan sa pag-oorganisa ng sarili ay gumampan ang LFS sa pagpukaw, pagorganisa at pagpakilos sa pinakamalawak na hanay ng mga estudyante para ipaglaban ang lehitimong karaingan nila, at sikaping ilapit sila sa pambansa demokratikong pagsusuri at panawagan.

Hindi rin maitatangi ang ginampanang papel ng LFS bilang pambansang sentro na tagapagtanggol sa karapatan ng mga estudyante. Sa ilalim ng bandila nito, ay koordinadong kumilos ang daan-daang alyansa sa mahigit dalawang daang kampus. Bukod dito ay napa-atras sa kanilang anti-estudyanteng posisyon ang ilang paaralan. Pinakamaningning na dito ay ang paggiit ng karapatang mag-organisa sa kampus na isang mahalagang konsesyon noong huwad na pag-alis ng Batas Militar noong 1981.

Ang ganitong pagsigla ng kilusan ng kabataan-estudyante at ang kilusan ng manggagawa at maralitang lungsod ay nagbigay tulak din para mahamig ang partisipasyon ng panggitnang pwersa upang lumaban sa pasistang diktadurya at basagin ang teror ng Batas Militar.

Masigla rin ang naging suporta't pagpunta ng mga LFS sa hanay ng batayang masa. Dinala ng LFS ang kampanya sa mga isyu tulad ng sahod, karapatang magwelga, demolisyon, militarisasyon sa kanayunan. Mayroon ding nagpunta sa kanayunan at nagsagawa ng panlipunang pagsisiyasat at pakikipamuhay sa hanay ng mga magsasaka.

Aktibong lumahok din ang LFS sa mga rali at piket ng mga manggagawang nakawelga. Lumahok ang LFS sa kauna-unahang pinakamalaking rali ng mga manggagawa sa panahon ng Batas Militar noong Mayo 1, 1980 at noon ring 1981.

## ***KAHINAAN AT SULIRANIN***

## **MABABANG ANTAS NG KAMULATANG PAMBANSA DEMOKRASYA AT ANG YUGTO-YUGTONG KONSEPTO NG KILUSANG MASA**

Subalit sa kabila ng mga tagumpay na ito ay lumitaw na rin ang mga kamalian at kahinaan sa loob ng LFS. Isang partikular na kahinaan ay ang kapabayaang sa edukasyon. Ang pagtataas ng kamulatan ng mga kasapi para yakapin ang landas ng pambansa demokrasya (kaalinsabay ng pagpunta sa batayang masa) ay dapat na isinasagawa upang makonsolida ang abanteng seksyon ng alyansa at mahatak pa ang panggitna at nahuhuli. Ito ang magtitiyak na makapagluluwal ang LFS ng di matitinag na moog na mga aktibista para sa matagalang pakinabang ng pambansa demokratikong kilusan.

Sinikap ng LFS na pagkaisahin ang kasapiang nito sa PD (pambansa demokrasya) paninindigan sa usapin ng edukasyon sa pamamagitan ng pag-aaral sa “What’s behind the Education Act?” Bilang batayang edukasyon ng alyansa, dala-dala ng kursong ito ang anti-imperyalistang paninindigan sa larangan ng sistema sa edukasyon ng Pilipinas.

Naging suliranin ng LFS ang kawalan ng isang batayang PD kurso na magpapalalim sa mga nilatag na linya’t pagsusuri sa “ED ACT...” At dahil na malinaw na ang PD paninindigan ng LFS sa sistemang pang-edukasyon, maaari nang ilunsad sa mga kasapi nito ang kurso hinggil sa lipunan at rebolusyong Pilipino na magtatalakay sa tatlong saligang suliranin at sa PD pakikibaka.

Dahil sa mababang PD kamulatan ng LFS, naging bulnerable ito sa mga maling konsepto ng “yugto-yugtong pagsusulong ng kilusang kabataan-estudyante. Ayon sa pagsusuring ito, nalampasan na ng kilusang kabataan-estudyante ang yugto ng kilusan para sa demokratikong reporma sa kampus (unang yugto), bago pumasok sa pangalawang yugto ng kombinasyon ng demokratikong reporma at pampulitikang pakikibaka at sa susunod na yugto ng pampulitikang pakikibaka (pangatlong yugto).

Kung kaya’t iginawad sa mga taong 1979-81 ang gitnang yugto ng kombinasyon ng demokratikong reporma at pampulitikang pakikibaka. Naging laman ng programa ng LFS dito ay ang pagbubuo ng pambansang makinarya na magiging pangunahing sentrong organisasyon sa kilusang kabataan-estudyante, ang “pagpapa-unlad sa kalagayang pang-organisasyon at sa pagsusulong ng kilusang protesta sa sektor.”

Hindi dapat ipagkamali ang wastong pakikibaka para sa demokratikong reporma sa kampus bilang isang yugto ng pagsulong ng sektor. Ang pakikibaka para sa karapatan at kagalangan ng ng sektor ay umaayon sa obhetibong interes nito sa kadahilanang hindi makakamit ang mga mithiing ito kung hindi pa nagtatagumpay ang pambansa

demokratikong pakikibaka. Sa gayon ay pangmatagalang sektoral na pakikibaka ito ng LFS. Ang pag-iwan sa demokratikong pakikibaka ng sektor ay pagbangga na rin sa linyang masa.

Gayunpaman, palagiang tungkulin din ng LFS na iugnay at itaas ang sektoral na pakikibaka nito sa pambansa demokratikong pakikibaka ng sambayanang Pilipino at paglalapit sa LFS at mga naiimpluwensiyahan nito sa batayang masa.

Wala ring batayan para sabihing sabay-sabay o pantay-pantay ang pag-unlad ng kamulatan ng mga estudyanteng na-oorganisa ng LFS kaya kailangan muna silang dumaan sa yugto ng sektoral na pakikibaka bago sa pulitikal na pakikibaka. Kapag ganito, may tendensiyang pabuntutin sa kamalayan ng karaniwang masang estudyante, ang abanteng seksyon na ng sektor.

Mali rin ang “yugto ng kombinasyon ng demokratikong reporma sa kampus at pampulitikang pakikibaka” sa kadahilanang may tendensiyang alisan naman ng pampulitikang nilalaman ang pakikibaka para sa demokratikong reporma kasabay ng pagkakaengganyo sa insureksyunismo o gasgasang mga pagkilos.

Sa kabila ng matutunog na mga tagumpay ng LFS, hindi naging tuloy-tuloy ang pagsulong nito sa mga sumunod na taon. Ang mga tinukoy na kahinaan at pagkakamali ay nagdulot pa ng kabiguan sa LFS.

Noong idinaos ang ikatlong kongreso ng LFS sa UP Diliman noong 1981, saklaw na ng organisasyon ang mga siyudad ng Baguio, Angeles, Legaspi, Naga, Cabanatuan, Cebu, Bacolod, Iloilo, Lucena at Davao. Pormal ding pumaloob na ang mga pangrehiyong aliyansa gaya ng mga sumusunod:

- Alyansa ng Mag-aaral sa Baguio (AMBAG)
- Nueva Ecija Student Congress (NESC)
- Bulacan Student Alliance (BSA)
- Alliance of Nationalist Students Working for Reforms in Education (Aswered-Bicol)
- Alliance of Students for Democratic Rights (ASDR-Bacolod)
- Iloilo Students Alliance (ISA)
- Concerned Students for Human Rights (CSHR-Cebu)
- Katipunan ng mga Demokratikong Estudyanteng Nagkakaisa (Kadena-Davao)

Sa kalakhan ay positibo ang karanasan ng LFS bilang aliyansa noong 1977-81. Nabuo ang malawak na pagkakaisa ng mga estudyante, sa lokal at pambansang antas, para sa kanilang demokratikong karapatan at laban sa pasistang diktadurang US-Marcos. Sa larangan ng pulitika ay muling sumigla ang kilusang kabataan-estudyante. Naipagtagumpay ang laban para maibalik ang mga konseho at

pahayagan. Sa gitna ng marahas na pasistang paghahari, nakapagpasigla ng mga labanan para sa demokratikong interes ng sektor at pag-uugnay ng pakikibaka ng sektor sa anti-imperyalista at anti-pasistang pakikibaka ng mamamayan. Gayundin ay sumulong ang LFS sa tuwirang pagsuporta at paglahok sa pakikibaka ng ibang sektor para sa kanilang demokratikong kahilingan.

Ang unang yugto ng kasaysayan ng LFS ay nagluwal ng malaking bilang ng masang estudyante na tumaas ang kamulatan at lumahok sa mga pakikibaka ng sektor at ng mamamayan. Ang kalagayang ito, kasabay ng pagtukoy sa kahinaan sa konsolidasyon, ang magsisilbing batayan para sa transpormasyon ng LFS mula alyansa tungo sa isang PDMO (Pambansa Demokratikong Organisasyong Masa). Sa layuning ikonsolida ang mga tagumpay at harapin ang mga suliranin ay itinayo ang LFS bilang isang PD organisasyong masa.

### ***MGA TAONG 1982-1986***

## **PANAHOON NG PAGKAKABUO NG LFS BILANG PAMBANSA DEMOKRATIKONG PANGMASANG ORGANISASYON NGUNIT SA MABUWAY NA PUNDASYON; ANG PANGUNGUNA NG LFS SA PAKIKIBAKA NG MGA ESTUDYANTE LABAN SA DIKTADURANG EUMARCOS; PAGLUSTAY SA NAIPONG LAKAS.**

Ang naunang hati ng dekada otsenta ay kinatangian ng matitinding krisis sa ekonomya at pulitika ng pasistang diktadurang US-Marcos. Humigpit ang kontradiksiyon sa pagitan ng mga paksyon ng naghaharing uri. Lubhang nahiwalay na ang diktadura habang tuloy-uloy naman ang paglakas ng antipasistang paglaban ng mamamayan lalo pagkatapos ng pagpaslang kay Ninoy Aquino noong 1983 hanggang dumulo sa pagpapatalsik sa diktadurang Marcos noong Pebrero 1986.

Sa panahong ito ay ibayong sumulong at lumakas ang PD kilusan. Wasto itong nakapwesto sa unahan ng malawak na pagkilos ng mamamayan laban sa diktadura. Ang LFS ay nakapamuno sa pagpapaigting ng anti-pasistang pakikibaka. At dahil dito ay kinamit ng LFS ang malaking pagsulong sa pulitika at organisasyon.

Noong idinaos ang upisyal na sesyon ng Ikatlong Pambansang Kongreso ng LFS noong 1982, pinagkaisahan ang transpormasyon ng LFS mula pagiging alyansa tungo sa pagiging Pambansa Demokratikong Pangmasang Organisasyon (PDPO). Sa sariling pagpapahayag nang mga panahong iyon, itinuring ang hakbang na ito bilang

“kungkretong bunga ng pag-unlad at pagsulong ng progresibong kilusang estudyante sa buong bansa kung kaya’t kinakailangan ang isang samahang mahigpit ang gabay at sentralisado ang daloy ng kilos,” (Commitment, May 1983).

Ang transpormasyon ng LFS bilang PDPO ay nangangahulugan ng isang antas ng pagkokonsolida ng abanteng seksyon ng mag-aaral na napapakilos sa mga pakikibaka. Nilalayan ng ganitong transpormasyon na resolbahan ang ganitong suliranin ng unang yugto ng kasaysayan tulad ng mababang antas ng kaalamang PD.

Mabilis na pumusisyon ang LFS sa mga napapanahong isyu’t usapin. Noong huling kwarto ng 1982 ay pumutok muli sa mga paaralan ang panawagang “Lansagin ang Diktadurang US-Marcos!” Lumaganap ito sa Maynila, Davao, Iloilo at Bicol. Naglunsad ang LFS ng mga kampanya laban sa base militar ng Amerikano, isyung nukleyar, diktasyon ng IMF-WB.

Long umapoy ang galit ng mga kabataan-estudyante noong 1983 nang pinaslang ang dating Senador na si Ninoy Aquino. Pinangunahan ng LFS ang mga ispontanyong rali na umaabot mula 10,000-50,000 estudyante laban sa naghihinalong diktador, at tampok na dito ang rali sa libing ni Aquino noong 1983.

Tumugon din ang LFS sa mga masinsinang pagkilos laban sa pagtaas ng matrikula, nagpakilos sa pagtutol sa National Service Law na gustong ipatupad ng pasistang diktador, sumuporta sa laban ng mga taga-Cordillera laban sa Chico Dam. Nangampanya rin ang LFS laban sa Arrest, Search and Seizure (ASSO) at Presidential Commitment Order at Preventive Detention Action o PDA-PCO.

Naging katangian din ng panahong ito ang mabilis na paglawak ng LFS sa pambansang antas. Nakapagbuo ng mga Komisyon na nangangasiwa sa mga probinsya gaya ng sa Mindanao at Northern Luzon (1982). Sa NCR naman ay may nabuo agad na 21 balangay sa Metro Manila, 5 sa Iloilo. Ito ay pagkatapos lamang ng isang semestre mula nang ipanawagan sa ispesyal na sesyon ng Ikatlong Kongreso ang pagiging Pambansa Demokratikong Pangmasang Organisasyon ng LFS.

At noong ika-apat na Kongreso noong 1983 sa Cagayan de Oro, nagtala na may kabuuang kasapian ang LFS na 7,000 at umabot sa 80 “full-fledged” na balangay na nakakalat sa lahat ng mahalaga’t estratehikong paaralan sa bansa, hanggang Oktubre 1984 na nagtala ng 10,000 na ang kasapian nito at may 145 balangay.

## **ANG “POLITICAL MOVEMENT” AT INSUREKSYUNISMO**

Samantala, nagpatuloy ang paglakas ng rebolusyunaryong kilusan sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP). Sa buong bansa, bumungad ang digmang bayan at



kinilalang nasa abanteng subyugto ng estratehikong depensiba (ASYED) ang rebolusyunaryong kilusan noong 1981. Sa suhetibong kagustuhang matanaw na agad sa hinaharap ang pagtatagumpay ng digmang bayan, binalangkas ng PKP ang “strategic counter-offensive” na

kinatangian ng pagpapaigting ng pakikidigmang gerilya at regularisasyong military at pagpapaigting ng pakikibakang lunsod, tungo sa insureksyon.

Ang ganitong mga kaganapan sa buong bansa ay hindi na lingid sa LFS. Ang mabilis na pagbulusok ng diktadura, ang pag-abante ng armadong pakikibaka sa kanayunan sa isang banda, at ang naipong lakas noong “yugto” ng kilusan para sa demokratikong reporma sa kampus sa kabilang banda, ay makaisang panig na sinukat at binigyan ng karampatang mga konsepto’t plano. Sa sarili nitong balangkas ay sumabay ang LFS sa kabuuang intensipikasyon na sa kalauna’y nagdala dito sa kapahamakan.

Sa isang banda, wasto ang panawagan sa pagpapaigting ng mga pakikibakang masa sa panahon ng matinding krisis pang-ekonomya’t pampulitika. Sa ganitong paraan ay napamunuan ng LFS ang pakikibaka ng kabataan-estudyante laban sa diktadurang EU-Marcos. Ngunit lubhang naging makaisang panig ang isinagawang pagpapaigting dahil nakabalangkas ito sa konsepto ng “political movement.” Ito ang kulminasyon ng konsepto ng “yugto-yugtong” pagsusulong ng kilusang masa.

Sa “political movement” nabuo ang konsepto ng “bisig at bibig” kung saan ang KKE ay nalimita sa gawaing ahitasyon habang ang kilusang paggawa naman ay sa pagpapaigting ng mga labanan sa lansangan. Ang ganitong tambalan ay lilikha ng panibagong “student power” sa hanay ng kabataan-estudyante na maglalayo sa LFS sa batayang masa.

Ang “pol movement” ay isang kilusang naglalayong yumanig sa estado poder, isang proyektong nakakiling sa insureksyunismo. Dito ay nauwi ang LFS sa mga gasgasang pagkilos bunga ng intensipikasyon ng nakabalangkas sa “political movement”. Itinuring na sentrong gawain ng LFS ang pagpapakilos at lahat ng gawain ay nagsisilbi para sa kampanyang masa. Binirit ang bago pa lamang na naipong lakas ng sektor sa pagpapaigting ng mga pakikibakang masa.

“Ang kampanyang masa ay di lamang binubuo ng mga gawain sa pagkilos o pag-a-RTR, mass distribution at iba pa. Higit sa lahat, mas esensyal na sangkap ng kampanyang masa ang iba pang gawaing PAMPULITIKA at PANG-ORGANISASYON. Ang gawain sa konsolidasyon, propaganda, pagpapakilos, edukasyon, pinansya, pakikipag-alyansa at pagrerekluta ay mga esensyal na bahagi rin ng kampanyang masa. Ito rin ang mainam na kalagayan na nagpapaunlad sa bawat kasapi ng LFS. Ang masikhay na paggampaan sa gawaing ito ang nagpapanday sa atin upang maging ganap na aktibista.” (dokumento ng paglalagom ‘77-’84; LFS-Metro Manila)

Ang pagkahumaling sa kampanyang masa sa yugto ng pampulitikang kilusan sa malao’t madali, ay naglustay ng naipong lakas ng LFS. Ang maikling panahon na kinakitaan ng

pagsigla ay agad namang nasubhan ng mas mahabang panahon ng problema ng paghina. Naging pawalis at pahapyaw ang propaganda at edukasyon. Tuluyan nang iniwan ang silbi ng mga alyansa, unti-unting nahiiwalay ang LFS sa malawak na masang estudyante, naging konspiratoryal ang pamamaraan ng pagpapakilos para lang maabot ang kota. Halimbawa ay ang paraan ng paglulunsad ng boykot na “mabisang” nagresulta sa paralisasyon ng mga paaralan, pagkandado ng mga gate para hindi makapasok ang mga estudyante, pagkulong sa harang na lubid. Sa pamamaraang ginamit ay lampas-lampas sa kamulatan ng mga estudyante. At ito’y mas lalo lang nagpahiiwalay sa mga estudyanteng nais pukawin, organisahin at pakilusin.

Dahil din sa konsepto ng political movement, nag-ibang hangin ang pagturing sa inabot ng mga tagumpay noong nakaraang dalawang “yugto”. Minaliit ang sektoral na pakikibaka para sa lahatang panig na pagtugon sa mga pambansang isyu at usapin. Kaalinsabay nito ay inabandona ang gawaing pagpapalapat at sa gayon ay epektibong iniwan na ang panggitna at nahuhuling saray ng estudyante.

Kaya noong bandang huling kuwarto ng 1984 hanggang 1985, naramdaman na ang paghina ng kilusang kabataang estudyante. Bumagsak nang halos 80% ang kasapian ng LFS, at lumiit ang namomobilisa sa mga pagkilos.

Mas malala, kung kailan naman naghangad maging Pambansa Demokratikong pangmasang organisasyon ang LFS, ipinagkamali naman ang anti-pasistang pakikibaka bilang pakikibaka para sa pambansa demokrasya.

“Ang pangunahing kontradiksyong umiiral sa lipunang Pilipino sa kasalukuyan ay sa pagitan ng masang Pilipino at ng diktaduryang EU-Marcos.”  
(Commitment, Editorial, May 1983)

Ang kalagayan ng mababaw na teoretikal na kaalaman at antas ng konsolidasyon ang magiging kondisyon para matangay ang LFS sa panawagang boykot noong 1985. Mula sa payak na pagiging anti-pasista, makaisang panig rin nitong tiningnan ang eleksyon bilang hungkag at reaksunaryo, at dinala ang debate sa pamimili sa pagitan ng boykot o partisipasyon bilang taktika sa halip na makipagisa at pamunuan ang malawak na masang tuwirang lumalahok sa mga paglaban sa pasistang diktadura. Ang wasto ay panghawakan ang prinsipal na kontradiksyon, ang pangangailangang wakasan ang diktadurya at naghaharing sistema. Sa paghawak dito ay maaaring makipagtulungan sa mga puwersang elektoral sa batayan ng paglaban sa diktadura.

Ang resulta ay nahiiwalay ang LFS (at ang iba pang pambansa demokratikong organisasyon) sa di hamak na mas malawak na panggitna at relatibong nahuhuling seksyon ng masa.

Sa kabila nag pagkakamaling boykot noong 1985, nakapuwesto pa rin ang LFS sa malawakang protestang sumambulat matapos malantad ang pandaraya ng rehimen. Sa ikalawang araw ng pag-aalsang EDSA, nagmartsa ang may 3,000 kabataan estudyante mula Sta. Mesa. Sa ikatlong araw, nagmartsa ang may 10,000 kabataan estudyante mula Morayta tungong EDSA. At sa huling araw, Pebrero 1985, 15,000 ang nagmartsang kabataan estudyante mula España hanggang Malacañang.

Lumawak ang LFS sa kanyang paglahok at pamumuno sa malawak na anti-pasistang daluyong. Ngunit ang anti-pasistang daluyong ay hindi maitatransporma ng LFS sa solidong lakas. Ang mga gasgasang pagkilos at pagkawalay sa batayang masa ay nagging salik upang hindi makonsolida, sa halip ay malustay ang naipong lakas ng LFS.

## **PAGPAPATIGAS SA ORYENTASYONG PDKP**

Ang mabuway na pagkatatag ng LFS bilang Pambansa Demokratikong Pangmasang Organisasyon (PDPO) ay nagpatigas pa ng panibagong distorsyon sa oryentasyon ng kilusang kabataan-estudyante.

Ang pagturing na PDKP (Pambansa Demokratikong Kilusang Propaganda) bilang oryentasyon ng LFS ay mula pa sa maka-isang panig na pagsusuri sa uri. Sa layuning hanapin ang partikular at natatanging papel ng sektor sa PD pakikibaka, pinalaki nito ang mga positibong katangian nito bilang propagandista. Ang political movement naman, bilang kilusang nagtataguyod ng konseptong “bibig” ay sasalubong at magpapatigas sa pagdidiin sa “prop movement” bilang oryentasyon ng KKE. Pinalaki nito ang sariling papel sa pambansa demokratikong pakikibaka at pinatimo ang baluktot na pagsusuri sa Sigwa ng Unang Kwarto at sa ikalawang kilusang propaganda.

“Ang magiging at makabayang estudyante naman ng dekada sitenta ang nagsimula ng ikalawang kilusang propaganda noong pagdulog ng Sigwa ng Unang Kwarto.” (Commitment editorial, Mayo 1984)

Ang siniping artikulo sa Commitment ay nagpapakita ng maling pag-unawa sa Sigwa ng Unang Kwarto. Inakala nito na ang FQS at ang Ikalawang Kilusang Propaganda ay isinulong at pinamunuan ng intelehensya/kabataan-estudyante. Kaiba sa Unang Kilusang Propaganda ng mga ilustrado, ang Ikalawang Kilusang Propaganda ay isinulong sa balangkas ng bagong tipo ng PD pakikibaka. Ang Ikalawang Kilusang Propaganda ay sinimulan at pinamunuan ng mga bagong proletaryadong rebolusyunaryo noong 60’s at 70’s.

Ang Kabataang Makabayan (KM) ay naging taliba ng Ikalawang Kilusang Propaganda na mabisang nagbudyong at naghanda sa opinyong publiko para sa pangangailangan ng kawastuhan ng Demokratikong Rebolusyong Bayan.

GINAMPANAN ITO NG KM SA PANAHONG NAGHAHANDA ANG REBOLUSYONG PILIPINO AT MULING ITATAG ANG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS.

Ang Kilusang ng Kabataang Estudyante (KKE), bilang pwersa para sa pagbabago, ay gumagampan ng mahalagang papel, sa katotohana’y nasa taliba sila, ng buong kilusang propaganda. Ang tunay na bisa at halaga ng propagandang itinataguyod ng sektor ay bilang katuwang at suporta sa kabuuang kilusang propaganda kaakibat ng pagsulong ng kilusang masa at armadong pakikibaka. Ang pagbibigkis sa kabataan–estudyante sa bandila ng pambansa demokratikong pakikibaka at mahigpit na pagkakawing nito sa kilusan at pakikibaka ng masang anakpawis ang oryentasyon ng isang pambansa demokratikong pangmasang organisasyon gaya ng KM noon, at ng LFS ngayon.

Sa yugtong ito ng kasaysayan ng LFS, maituturing na mahalagang tagumpay ang pagsisikap na itayo ang isang pambansa demokratikong organisasyon masa sa pambansang saklaw. Dito makikita ang inisyal na paggigiit ng linya ng pambansa demokrasya sa hayag at dependsibong paraan. Ang panahon ng 1982-86 ay panahon ng walang kapantay na paglawak at paglaki ng LFS bunga ng kanyang paglahok at pamumuno sa pakikibaka ng sektor at mamamayan. Ngunit hindi naging lubos ang karanasan dahil sa aktwal ay naging mabuway ang pundasyon ng LFS sapagkat nagkulang ito sa pag-aaral ng PD at ML at nalayo ito sa batayang masa. Ang ganitong kawalan ng konsolidasyon ang siyang magiging batayan para pumasok ang mga disoryentasyon ng PDKP bilang oryentasyon at nakabalangkas na sa insureksyunismo.

Ngunit hindi maitatangging tagumpay ng LFS ang pangunguna at pamumuno nito sa malawakan at ispontanyong pagkilos ng masa sa panahong binabayo ng matinding krisis ang sistema at nahihwalay nang tuluyan ang rehimeng U.S.-Marcos. Dapat ding itala at bigyang parangal sa mga pahina ng kasaysayan ng LFS ang mga unang martir ng organisasyon na pinaslang ng mga ahente ng pasistang diktador sa panahong 1982-86.

Sa aktwal ay lumawak ang organisasyon ngunit sa pawalis na batayan. Ang pampulitikong kilusan at intensipikasyon na nasa makipot na balangkas at pakikibakang anti-pasista, kasabay ng panimulang pag-iral ng oryentasyong pambansa demokratikong kilusang propaganda (PDKP) ng kabataan, ang mga naging balakid para sa naipong lakas na ibinunga ng unang yugto ng kasaysayan. Kung tutuusin ay hindi rin nagawa ng LFS na harapin ang mga naging suliranin sa konsolidasyon ng naunang yugto (77-81). Mahuhulog pa ang LFS sa pagpapakitid ng ND sa anti-pasistang pakikibaka.

Kung naghahanap ang LFS ng paghahalawan ng aral para sa kanyang pagsulong bilang isang NDMO, hindi na ito kailangan pang lumingon ng malayo. Pinakamalapit na dito ang karanasan ng Kabataang Makabayan noong Sigwa ng Unang Kwarto o FQS, na mahigpit isang dekada pa lang ang lumipas sa panahong itinatayo ang LFS bilang NDMO noong 1982. Bilang isang NDMO, ang KM ay masikhay na nagmulat at nag-organisa sa hanay ng

kabataan-estudyante batay na sa linya ng pambansa demokratikong pakikibaka. Agad ding pumunta sa hanay ng batayang masa ng manggagawa at magsasaka upang lubusin ang diwa ng paglilingkod sa sambayanan. Sa ganitong batayan lumakas ang KM bilang isang PD organisasyon ng kabataan-estudyante.

## **MGA TAONG 1987-91**

### **PAGPASOK SA BAGONG PAMPULITIKANG KALAGAYAN AT PAGPUSISYON NG LFS LABAN SA BAGONG REHIMEN; PANAHOON NG PAGLALIM NG MGA DISORYENTASYON AT PAGLIHIS; MULING PAGSIGLA NG MGA PAKIKIBAKA AT PANIBAGONG PAGLULUSTAY NG LAKAS**

Ang dramatikong pagpapapatalsik sa diktadurang Marcos sa pag-aalsang EDSA noong Pebrero 1986 at pagkakapwesto ni Cory Aquino bilang Pangulo, ay nagdulot ng kalituhan sa pambansa demokratikong kilusan, lalo't sa mga usaping sumusunod: paano na titingnan ang panawagang boykot sa snap elections, pag-aalsang EDSA, katangian ng rehimeng Aquino, prosesong pangkapayapaan, at marahas na alitan ng mga reaksyunaryo.

Kaalinsabay nito ay ang paglitaw sa loob ng Pambansa Demokratikong kilusan, lalo na sa kalunsuran, ng mga namumunong elemento at mga pangkat na aktibong nagtutulak ng populismo at insureksyunismo at umaatake sa linya ng Demokratikong Rebolusyong Bayan at digmang bayan. Sa likod ng adbenturistang linyang insureksyunista, ikinalat ang mga malulubhang anyo ng makauring kolaborasyon, populismo at pangangayupapa sa burgesya.

Hindi nakaligtas ang sektor ng kabataan-estudyante sa mga lantay na paglihis sa pambansa demokratikong linya. Tampok na rito ang pagpasok ng kaisipang popdem na nagpalaganap ng pagtitinging pagkakahiwalay ng mga pambansa demokratikong kilusan sa antipasistang alyansa, pagturing sa rehimeng Aquino bilang liberal demokrata at pagtaguyod sa posisyong kritikal na suporta sa pamunuan ni Aquino; pagsuporta sa ConCon sa ilusyong makakaasa mula doon ang makabuluhang reporma.

Gayunpaman, hindi buong-buong nahulog ang sektor sa repormistang bitag. Para sa LFS, masusing pinag-aralan nito ang bagong pampulitikang kalagayan at pumususyon ito ayon na sa wastong pagsusuri ng rehimen at sa sitwasyong umiiral pagkatapos ng pag-aalsang EDSA. Binalik-aralan ang nakaraan at tiningnang senyales ito ng pagiging mabuway ng pagkakaunawa ng kasapian sa mga batayang prinsipyo ng pambansa demokratikong kilusan.

Sa naging dalawang taong pagtatasa (1987-1989), ay tinukoy na dito ang kahinaan ng LFS:

“ang kababaan ng karakter/antas na nadedebelop na kilusan–payak na anti-pasistang diktadurang kilusan na nakasentro sa partikular na rehimen ni Marcos ang propaganda, pagkilos at paglaban.”

Mahalaga rin ang naging kampanya para solidong pag-isahin ang buong organisasyon at itatag ang wastong pananaw hinggil sa rehimens US-Aquino. Sa ginawang Special NC meet noon Disyembre 1996 sa PUP ay muling matalas na naitutok sa rehimens US-Aquino at mga saligang suliranin ng mamamayan ang mga kampanyang propaganda at ilang malitang mobilisasyon.

Mabilis na sumuporta ang LFS sa kampanya ng uring magsasaka at pinapanagot ang rehimen sa mga krimeng masaker sa Mendiola noong Enero 1987 at sa pagpaslang sa lider-manggagawang si Rolando Olalia at Leonor Alay-ay. Pinamunuan ng LFS ang mobilisasyon ng mga kabataang estudyante sa pagkondena sa rehimen sa pagpaslang sa dating lider-estudyante na si Ka Lean Alejandro, sa tangkang asasinasyon kay PUP President Nemesio Prudente, pag-reyd ng military sa PUP, at masaker sa Lupao.

Nakapaglunsad din ng kilos protesta ang LFS na nilahukan ng mahigit na 2000 estudyante sa pagbubukas ng reaksyunaryong Kongreso, gayundin sa anibersaryo ng pag-aalsang EDSA noong 1988.

Nagbunsod ng panibagong sigla sa pag-aaral ang wastong pagsusuri sa rehimens USAquino, reaksyon at pagwawasto sa dominanteng maling pananaw sa rehimen. Ninais ng LFS na iklaro sa pangkalahatan ang mali at makakanang pagtingin sa rehimen.

Binuo at pinagana ang komite sa edukasyon. Tinarget ang 100 porsyentong pagpapatapos ng Kurso ng Pambansa Demokrasya (KPD), pagbubuo ng makinarya sa edukasyon sa lahat ng antas, paglulunsad ng mga pagsasanay sa mga instruktur, at pagpapadami ng mga dokumento, libro at pampleto para sa masiglang pag-aaral.

At panghuli, sa hangad na maiwasan ang mga datihan nang pagkakamali ay naglabas ng dokumento ang pambansang opisina ng LFS hinggil sa oryentasyon at tungkulin ng LFS at ipinalaganap ito sa pambansang kasapian.

## **TULUYANG PAGTIGAS NG ORYENTASYONG PDKP**

Noong ika-6 na Pambansang Kongreso ng LFS sa Cebu noong 1987, muling sumentro ang organisasyon sa “oryentasyong” PDKP. Nilayon ng pagsusulong ng PDKP ang mga sumusunod:

- 1) mailantad ang kontra-mamamayan, reaksyunaryo at pasistang tambalan ng rehimeng US-Aquino
- 2) maipalaganap ang pagsusuring patuloy na umiiral ang saligang mga suliranin, ang IBP
- 3) maipahayag ang PD propaganda
- 4) madurog ang iba't ibang klase ng repormismo
- 5) maipanawagan ang paglahok ng masa, lalo na sa kabataan estudyante, sa iba't ibang larangan ng pakikibaka para sa pambansang demokrasya.

(dokumento ng 2-taon Pagtatasa, 1987-1989)

Sa biglang tingin ay sinaklaw ng oryentasyon ang mga saligang usapin at tungkulin sa sektor, subalit nabigo itong ilahad ang saligang oryentasyon at tungkulin ng kabataang estudyante, na kung tutuusin ay mayaman na ang karanasan ng pambansa demokratikong kilusan. Agad na kapansin-pansin na wala sa hanayan ng mga tungkulin ng programa ang integrasyon ng LFS sa batayang masa. Lalong tumigas ang partikularismo ng sektor. Nalulong ito sa mga positibong katangian ng sektor sa layuning paghahanap ng sariling “dinamismo” bilang natatanging kilusan.

“Sa mga ito, ang kabataang estudyante ang susi at pangunahing pwersa. May malaking bilang ang kabataang tumatagos sa iba't ibang uri at sektor, makilos at dinamiko. Taglay ng kabataan ang kasiglahan ng pag-iisip at pangangatawan kaya't nasa mahusay na posisyon tayo na mabilis at masuri ang kasalukuyang kalagayang pampulitika at ng buong lipunang Pilipino. Nasa posisyon tayo para magsabalikat”

SA PAGSULONG NG PDKP , MAHALAGA ANG GAGAMPANANG PAPEL NG INTELIHENSYA – GURO, ESTUDYANTE, PROPEYUNAL AT INTELEKTWAL ng iba't ibang tungkulin para sa pambansa demokratikong propaganda.” (Kabataan magkaisa! Pagibayuhin ang Pambansa Demokratikong Kilusang Propaganda, dokumento ng oryentasyon ng LFS).

Sa halip na mapatimo ang komprehensibong pananaw para sa masa at sa pambansa demokratikong pakikibaka – ang diwa ng buong-buong paglilingkod sa sambayanan, ang pagiging tunay na rebolusyunaryo lamang sa pamamagitan ng paglahok sa kilusan at pakikibaka ng batayang masa ng manggagawa at magsasaka – ang naging sentral na usapin ay ang sariling halaga at papel sa pambansa demokratikong pakikibaka.

Hindi nito isinaalang-alang ang makauring pagsusuri na ang petiburgesya ay maaaring maging malaking tulong sa rebolusyon at maari din maging kapahamakan. Ang petiburgesya ay nakakapagpanibagong hubog lamang para sa rebolusyon kapag nakasanib sa kilusan ng manggagawa at magsasaka sa matagal na proseso ng pakikibaka.

Dapat tumimo sa at awain ng LFS ang mga aral ng kasaysayan ng pagsusulong ng kilusan ng kabataang estudyante mula pa noong dekada 60 at 70. Na upang maging kapakipakinabang sa matagal na panahon ng pambansa demokratikong pakikibaka, ang usapin ay papaano kakabigin ang mga kabataan-estudyante at mapaunlad ang kanilang rebolusyunaryong potensyal, kasabay ng pagmamamamtyag sa kanilang mga kahinaan Ang tunay na usapain sa oryentasyon ay paano magiging rebolusyunaryo ang kabataan. Ipinakita ng kasaysayan na magiging malakas lamang ang kilusang kabataan-estudyante kung malinaw sa kanya ang saligang pagkakaiba ng paghahangad ng reporma nang hindi binabago ang umiiral nasistema at ng paghahangad ng rebolusyunaryong transpormasyon ng lipunan.

Ipinakita ng istorikal na karanasan ng KKE sa pamamagitan ng KM na ang pagunawa at pagtataguyod sa bagong tipo ng demokratikong rebolusyon at ang mahigpit na pakikipag-ugnayan at pagsanib sa rebolusyunaryong pakikibaka ng mamamayan ang siyang magiging armas para patatagin, ibayong palakasin at gawing tunay na kapakipakinabang ang KKE sa buong pambansa demokratikong pakikibaka. Ang mga aral na ito ay nananatiling tunay pa ring makabuluhan para sa LFS ngayon.

Kaya't sa pagsusulong ng kilusan ng kabataan-estudyante, inililina ang mga saligang tungkulin sa pagbibigkis sa kabataan-estudyante sa linya at programa ng pambansa demokratikong pakikibaka: edukasyon sa pambansa demokratikong linya at programa at proletaryadong ideolohiya; pag-uugnay sa malawak na masang estudyante sa pamamagitan ng pagsusulong ng kanilang kapakanan at kagalingang sa paraang dinadala patungo sa direksyon ng pambansa demokrasya;; pagsusulong ng mga kampanya at pagkilos para itaguyod ang mga pambansa at demokratikong mithiin ng mamamayan; ng paglilipos sa kanila ng diwa ng paglilingkod sa sambayanan; ng pagpapanibagong hubog at walang alinlangang pagsanib at pakikipag-aralan sa masa sa paglahok sa kanilang kilusan at pakikibaka.

## **BAGONG POLARISASYON SA BALANGKAS NG INSUREKSYON**

Kasabay ng pagpapatigas ng disoryentasyong PDKP, itinakda bilang direksyon sa 2-3 taon (1987-89) ang “pagpapasigla at paglikha ng bagong bulwak ng aktibismo at polarisasyon sa balangkas ng pambansa demokrasya sa kampus.”

Sa ganitong tambalan itinakda ang hangad ng LFS taon-taon ay “pagluluwal at pagpapaigting ng mga pampulitikang kampanya at pakikibaka kasabay ng ganap at ibayong pagsusulong ng PDKP” (dokumento ng 2-taong programa ng LFS, Hunyo 1987). Mula dito, nahulog ang LFS sa balangkas ng putsistang pagkilos.



Ang paghahangad ng bagong polarisyon ay bahagi ng pangkalahatang paglihis ng insureksyunismo, na walang pinag-iba sa “political movement” noong unang bahagi ng dekada 80. Ang ganitong programa ay lalo lamang nagpatigas sa kaisipang “student prower” na muling iniluwal ng naunang yugto ng kasaysayan.

Ang oryentasyong PDKP ang nagsilbing salalayan ng eleksiyong tinaguriang “intensipikasyon” na nagluwal ng putsistang tendensiya sa pagdadala ng mga pagkilos. Habang tumatalab ang kapit ng insureksyunismo, lalo pang kumitid ang konsepto ng pagsusulong ng PDKP. Isang anyo nito ay ang naging praktika ng pagkakaroon ng “Quick Reaction Force” or QRF na tagapagpatupad ng mga kampanya at mobilisasyon sa lansangan para sa iba’t ibang kampanya. Labis din ang naging pagpapahalaga ng LFS sa ispasyong nakukuha sa burges na mass media hinggil sa mga aksyong panlansangan. At dahil ang pag-oorganisa ay nakaturol sa balangkas ng mga gasgasan, o “mass action oriented” na pakikibaka, hindi nakapagpundar sa solidong paraan ang organisasyon. Naging pawalis ang pag-oorganisa ng LFS.

Ang panahon ng paghahanap ng bagong polarisasyon, ay panahon ng kabubuang pagsadsad ng gawaing edukasyon. Napabayaang ang konsolidasyon ng kasapian dahil sa gasgasang mga pagkilos. Hindi natupad ang mga plano sa edukasyon. Sa dokumento ng komite sa edukasyon, malinaw na lito ang pagkakaunawa sa lugar ng PD edukasyon. Maging ang KPD ay hindi naging sapat para sa layuning konsolidasyon sapagkat hindi nito malinaw na ipinakikita ang buong PD linya. Halos iwasan nito ang usapin ng armadong pakikibaka at sosyalistang perspektiba.

“pagpapataas at pagpapalalim ng PD kamulatan na siya ring magtitiyak na ang direksyon ng pag-aaral ay tuwirang maglilingkod sa pagpapalakas ng organisasyon at magpapaigting sa mga pampulitikang pagkilos.” Dalawang Taong Programa sa Gawaing Edukasyon, 1987.

Ang ganitong mga kahinaan at disoryentasyon sa LFS ay nag-anak ng mga klase ng aktibistang ang tanging perspektiba ay magtrabaho at magpasuweldo sa mga NGO’s, nmga aktibistang ang hangad lamang ay ang katuwaan sa mga putsistang pagkilos.

Gayundin ang epekto nito sa gawaing masa ng LFS. Ang kawalan ng komprehensibong pananaw sa PD kilusan ay nagpakitid sa pag-oorganisa ng LFS sa hanay lang ng sektor. Tumigas ang pagiging sectarian, sa pag-una sa sariling interes sa halip na makita ang kabuuan.

Sa aktwal, ang ganitong gawi at oryentasyon ay sa malaon, nakapagpahina sa LFS. Ang mga binalak na kampanya at mobilisasyong masa ay nauwi lamang sa kampanyang propaganda at maliit o tinatawag na organisadong mobilisasyon.

## PAGSIGLA NG LABAN, PANIBAGONG PAGLULUSTAY

Mula ikalawang hati ng 1988 hanggang 1989, muling pumutok ang mga pakikibaka laban sa pagtaas ng matrikula, sumulong ang kampanyang antibase militar at anti-imperyalista at nagsimulang sumigla ang gawain sa pagpapalawak at pag-oorganisa.

Sa unang semestre ng 1989, lumahok ang may 60 na paaralan sa kampanyang ito, kalahati nito ang nagboykot, 17 sa NCR. Sumabay din ang ilang sentrong urban gaya ng Davao kung saan nakapagmobilisa ng 3500, Baguio-8000 at 10,000; Cebu mahigit sa 1500, Bacolod-5000. Masigla din ang protesta sa Bicol, Timog Katagalugan, at Gitnang Luzon. Ang NCR ay nakapagpakilos ng 3000.

Sa kalakhan ay naging matagumpay ang muling pagpapasigla sa kilusang kabataanestudyante. Pero hindi naglaon ay umihip muli ang insureksyunistang hangin. Taon-taon, ang pakikibaka laban sa pagtaas ng matrikula ay hinatak sa mga pakikibakang komprontasyunal, ahente probokador, manipulasyon ng masa at mekanikal na tangkang paulit-ulit ng sunud-sunod na malakihang rali sa maling pagturing na paputukin muli ang sigwang tulad ng FQS, sa balangkas ng insureksyunistang interpretasyon nito.

Dapat ilinaw na ang FQS ay di produkto ng mga aksyong ahenteng probokador\*, hindi iniluwal ng konspiratoryal na pagpapalano ng maliit na pangkat, hindi isang pagsiklab na nakaasa sa ispontanyong reaksyon ng buhaghag na pwera at hindi solong aksyon ng mga estudyante lamang.

Ang paghahabol sa panibagong sigwa ala-FQS, at ang insureksyunistang mga pakana gaya ng sagad-sagarang paralasyon ng mga paaralan hinggil sa laban sa pagtaas ng matrikula, ang nagdala sa LFS sa halos bingit ng kamatayan.

Masasabi na sa LFS-NCR nagkahugis ang pinakamalalang anyo ng insureksyunismo ng sektor. Inilunsad ng LFS-NCR ang mga matagalang barikadang paparalisa; inengganayo nila ang pagsunog ng gulong sa lansangan at ipinalaganap ang konsepto ng “opensibang pagtatanggol” ng mga barikada. Labintatlong paaralan ang binarikadahan sa loob ng 144 na araw.

Ang ganitong mga plano ng LFS-NCR ay lubhang hiwalay na sa plano ng pambansang pamunuan ng LFS. Gayunpaman, sa kabila ng pagbabalewala ng NCR, tagumpaybna nailunsad ng LFS ang kampanyang anti-base at anti-imperyalistang kampanya. Tampok dito ang pagbisita ng Bise Presidente ng Amerika na si Dan Quayle noong 1989, pagsisimula ng negosasyon para sa extension ng base militar noong 1990; pagbisita ng kalihim ng Depensa ng EU na si Richard Cheney, at mga serye ng rali sa US Embassy.

Samantala, sa panahong 1989-90, mabilis na dumausdos ang sosyo-ekonomikong krisis sa bansa. Tumindi ang alitan sa hanay ng mga reaksyunaryo. Naglunsad ng coup d'état ang isang paksyon ng militar.

Kaalinsabay ng mga ito ay ang pagbagsak ng rebisyunistang rehimen sa Unyong Sobyet, kung saan lumaganap ang Gorbachovismo.\* Lumandi naman dito ang ilang natirang popdemismo sa PD kilusan. Inidolo nila si Gorbachov bilang tunay na komunista at kinatawan ng diumano't "socialist renewal."

Lumabas naman sa isang kinatawan\* ng rebolusyunaryong kilusan ang di-opisyal na pagsusuri tungkol sa paglitaw ng "pambihirang pakakataon" at pangangailangan ng "pagsungab sa oportunidad," mga konseptong tuwiran nang nakabalangkas sa insureksyunismo at nag-ambisyon ng pag-aalsang lampas sa tipong EDSA na hahantong sa isang gobyernong koalisyon ng mga pwersang kanan at kaliwa.

Isang naging proyekto nito ay ang nangyaring pangkalahatang welga-welgang bayan noong Oktubre 1990 na taktikang ahente probokador at konspiratoryal. Sa kagustuhang, uminit ang mga pagkilos, humantong ito sa pagsusunog sa mga bus at iba pang aksyong militar mula sa mga ABB. Nagdulot ito ng malaking kabiguan at pagkondena ng mamamayan.

Noon ding 1990, pinag-ibayo naman ang sariling insureksyunistang pakana ng pangkating Popoy Lagman.\* Pinalaganap ang pakikibakang pol-mil bilang "pangunahing pampulitikang sangkap ng buong rebolusyunaryong kilusan... at pupuno sa mga limitasyon ng pakikibakang politikal..."

Ang ganitong mga kaganapan sa rebolusyunaryong kilusan, ang paghina ng LFS dulot ng disoryentasyon at sa sariling balangkas ng intensipikasyon, ay magtutulak sa LFS para maringing suriin ang sarili pagsapit ng 1991.

Noon pa mang Kongreso ng 1991 ay sumulpot na ang mga tunggalian sa pagitan ng LFS-NCR at LFS-National bagamat hindi natutukoy bilang tunggalian ng 2 linya sa loob ng organisasyon. Iginigiit ng LFS-NCR na paigtingin pa ang katangian ng QRF (quick reaction force) ng LFS at ang pagdidiin sa pagpapainit ng sitwasyon lalo na sa loob ng mga paaralan. Iyon pala'y itinutulak na nila ang pangkalahatang paghahanda para sa "bugso" ng unang kuwarto ng 1992. Kung kayat kapansinpansin ito sa panahong 1986-91.

Sa paglalagom na ito, isinalarawan ang inabot ng LFS sa apat na punto: ang mababang antas ng pampulitikang kamalayan, ang buhaghag na organisasyon dulot ng maling gawaing masa ng LFS; ang isang sitwasyong pag-aalsa, pag-ahita sa makitid nang hanay ng aktibista't masa at paglalabas ng mga ito sa lansangan. Inilaan ang unang quarter ng 1992 para sa "mapagpasyang paglaban sa rehime ng Aquino." Humantong ito sa

patakaran ng araw-araw na putsistang pagkilos mula Marso 1-10 ang binansagan nilang “Ten Days of March.” Ang nasa likod ng ganitong layunin ay ang suhetibong paniniwalang sisikad at kikilos ang “ispontanyong masa.” Insureksyunismo at gasgasang labanan ito sa esensya.

Nilunod sa kabiguan ang pamunuan ng LFS-NCR ng kanilang ilusyong “bugso.” Sa halip na makalikha ng “kontra-agos” at pagkaraang makalaspag ng pagkabigo ay bumaligtad ang palo nila patungo sa pagkampanya para sa mga kandidato (Marso-Mayo ’92) na umatake sa organisasyon hanggang halos malusaw ito noong Hunyo 1992.

“Matapos ang naudlot na planong “bugso,” ang mga kasapi ng LFS-NCR ay binuo sa mga pangkat na ipinasok sa makinarya sa pagkakampanya ng ilang mga kandidato. Ang bilang talikod na ito sa pampulitikang postura at pagkilos ay di kagulat-gulat na nagresulta sa kalituhan at demoralisasyon sa hanay ng mgaaktibista sa LFS-NCR.”

“... ang karaniwang nangyari ay nalulong sa teknikal na Gawain ang mga akitibista (katulad ng pamamahagi ng pulyeto o kaya’y pagdidikit ng mga poster).” (2 TAONG PAGTATASA, May 1991-Setyembre’93)

Ang pinakamalalang anyo ng insureksyunismo sa LFS-NCR ay nagpakitid sa organisasyon sa konspeto ng 3 makinarya para sa pagpapaigting ng labanan. Ang insureksyunismong proyekto ay dudulo pa sa tuwirang demolisyon ng LFS sa NCR kapalit o sa pamamagitan ng bagong sentro pampulitika para sa insureksyon -ang Bayan Youth.

## **PANIMULANG PAGTATANGKA SA PAG-AAYOS NG ORGANISASYON**

Dumanas ng di pa napapantayang paghina ang LFS dahil sa mga disorientasyon sa buong panahon ng 1986-91. Ang pagkahumaling sa mga pakikibakang masa at “intensipikasyon” ay naglugmok sa LFS sa tipong “mass action oriented” na aktibismo. Ang ganitong kalunos-lunos na kalagayan ng organisasyon ay nagtulak para maglunsad ang LFS ng pagsusuma sa limang taong kasaysayan nito ang paglalagom ng panahong 1986-91.

Sa paglalagom na ito, isinalarawan ang inabot ng LFS sa apat na punto: ang mababang antas ng pampulitikang kamalayan, ang buhaghag na organisasyon dulot ng maling gawaing masa ng LFS; ang pagkahiwalay sa batayang masa, at ang di-pagsapol sa PDKP.

Bilang rektipikasyon, isinulong ng LFS ang tinatawag na “three thrusts” na binubuo ng PD na edukasyon, pagpunta sa batayang masa at pamumuno sa kampanyang masa. Ang dokumentong paglalagom, at ang direksyon ng “three thrusts” ang mayor na laman ng ika-8 Pambansang Kongreso ng LFS na ginawa sa Iloilo. Gayundin, tinukoy ng ika-8 kongreso na tungkulin ang pagpapagana at pagpapalakas ng mga LAB (Lean Alejandro Brigade) bilang pangunahing larangan ng pagpapatupad ng “3 thrusts”.

Kahit na may inisyal na ring pagtatasa at pagpuna sa sarili ang LFS laban sa gasgasang pagkilos na lumustay sa kanyang lakas, lumahok pa ito sa insureksyunistang welgang bayan noong Hulyo 1991. Nagbarikada ito sa Sta. Mesa at sa ilan pang mga lugar sa NCR. Bagamat may buntot pa ng adbenturistang pagkilos lalo noong ampayang anti-OPH, naging sentro ng pagkilos noong unang semestre ng 1991 ang nalalapit na lundo ng kampanya laban sa base militar. Nakatakdang pagpasyahan ng Senado ang bagong tratado noong Setyembre 16, 1991. Itinindig ng LFS ang isang malapad na anti-imperyalista-anti-baseng alyansang anti-Imperialist Movement of the Youth (AIM of the Youth) na kumabig sa halos 300 organisasyon sa NCR. Sa mismong araw ng pagbabasura ng bagong tratado ay malawakang nagpakilos ang LFS (10,000) sa NCR na pangunahin ay mula sa PUP at UP.

Dahil sa matagalang determinasyon at nabuong matigas na paninindigan ng masang Pilipino laban sa pananatili ng base militar ng mga Amerikano, naibasura ng Senado ang bagong tratadong inilako ng rehimag US-Aquino. Noong Oktubre 1991 ay nagpulong ang Pambansang Konseho upang itakda ang tungkulin ng mga LFS sa yugtong “post rejection, pre-election”. Gayundin, inamyendahan ang tinakdang sentral na tungkulin ng Pambansang Kongreso. Dahil maling ituring na sentro-degradidad ang LAB sa pagwawasto sa tipo ng aktibismo ng LFS at sa pagtutulak ng edukasyon at solidong pag-oorganisa, inihalili ng Pambansang Kongreso ang programa para sa komprehensibong pagpapalakas ng buong organisasyon. Pangunahing tungkuling itinakda ay ang “reasserting its (LFS) historic role as a national democratic mass activist organization.” (Pambansang Konseho, Okt. 1991)

Kung tutuusin, nagpatuloy ang oryentasyong “PDKP” kahit na hinubaran ng damit ng intensipikasyon at polarisasyon. Ang panawagang “reassert LFS as an ND mass activist organization” ay hindi pa angkop dahil hindi pa malalim ang paggagap ng organisasyon sa kanyang kasaysayan. Ang pagpuna ng Kongreso ng 1991 sa istilong “mass action oriented” na aktibismo ay hindi pa naghuhudyat ng wastong pag-unawa sa PD at makauring pagsusuri ng peti-burges sa estudyante. Bagamat may inisyal ng pagpuna sa sarili at pagwawasto, hindi pa nasasapal ng LFS ang kanyang wastong oryentasyon at mga tungkulin. Kung kaya’t sa panahong Mayo 1991- Mayo 1992, posible pa lamang ang pagpigil sa tuloy-tuloy na pagdausdos ng organisasyon at ang pagsisimula ng pagharap at paghahanap sa usapin ng kanyang oryentasyon.

Ngunit hindi sasapat ang mga konklusyong inabot ng LFS sa pagtatasa sa sarili, kinakailangan pa ang masaklaw na paglalagom ng rebolusyunaryong kilusan noong 1992 para lubos na maunawaan ng LFS ang kanyang mga kahinaan at kamalian sa pagtataguyod ng Pambansa Demokratikong pakikibaka.

Ang mga tagumpay na nakamit ng LFS sa panahong ito ay nakapag-ambag na sana sa pangkalahatang pagsigla ng organisasyon. Ang wastong pagsusuri sa rehimeng lalo na noong 1989 ay nagtulak ng sigla sa pag-aaral sa pambansa demokrasya.

Sa huling pagsusuri, ang panahong saklaw ng 1987-91, ay panahon ng di-mapantayang paghina ng LFS. Noong 1990 matapos ang maigting na pagkilos, mahigit na 100 kasapi sa NCR na lang ito. Hindi naisalin sa organisadong lakas ang bunga ng mga masisiglang labanan.

## **PANAHON NG 1992-95**

### **PANIMULANG KRITIKAL SA SARILING PAG-AARAL; TUNGGALIAN**

### **NG 2 LINYA AY TAGUMPAY LABAN SA PAKSYUNALISMO; PAGPAPALAKAS AT PAGSULONG AYON SA WASTONG ORYENTASYON**

Sa pagbungad ng 1992 ay kinaharap kaagad ng LFS ang nalalapit na pambansa at lokal na halalan. Agad na nagpatawag ng Ispesyal na Pagpupulong ng Pambansang Kunseho ang PKT sa Maynila noong Enero upang punan ang mga natukoy na kahinaan ng 6 na buwang planong initakda ng Pambansang Kunseho noong Nobyembre 1991. Itinuring na napaka-krusyal ng unang 6 na buwan ng taong 1992 dahil:

“... habang niyayanig ng krisis pang-ekonomiya at galit ng mamamayan ang naghaharing sistema, dadaan sa isang makabuluhang proseso ng transisyon ang naghaharing-uri...”

“...Magiging sentro ng pulitika ng bansa at hidwaan ng reaksyon ang halalan ng 1992.” (Mungkahing Pagbabago sa Anim na Buwang Plano, PKT, Enero 10-14, 1992)

Kayat’ sa idinaos na Pambansang Kunseho noong Enero 1992, sa balangkas na programa sa kampanya kaugnay ng halalan (Mayo 1992), idiniin na ito’y marapat na nagsisilbi sa mahusay at lahatang panig na pagsusulong ng mga gawain ng LFS.

“Ang kalagayang ito ay nagbubukas ng mahusay na pagkakataon para sa pagpapaunlad ng kilusang masa. Bagamat nakakapurod sa isang banda ang halalan, ang mahusay nating paggitna ditto ang maaring magbigay sa atin ng isang mas positibong pusisyon upang tayo’y maging mas importanteng pampulitikang salik sa panahon matapos ang eleksyon.” (Ibid.)

Pebrero 1992, sa isang hiwalay na dokumento ng paglililaw na inilabas ng PKT ayon sa desisyon ng PK, ay ipinanawagan at naglabas ng direktiba ang LFS.

“Militanteng makilahok sa halalang 1992! Itakwil ang antimamamayan at makaimperyalistang politiko!”

Layunin nito na buksan ng sitwasyon ng halalan ang pagsusulong ng pag-oorganisa at pagpopropaganda para sa pambansa demokrasya ng LFS. Kinondena ng LFS ang interbensyon ng imperyalismong U.S. at ang papetri ng tumatakabong mga kandidato. Naglunsad ng mga kilos-protesta pangunahin sa harapan ng US Embassy (Mayo 5).

Inilunsad ng LFS ang mainit at malawak na kampanyang propaganda sa unang 100 araw ng rehimeng U.S. Ramos. Nagdaos ng malalaking aksyong protesta katulad ng piket sa US Embassy bilang paggunita sa ika-100 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Katipunan (Hulyo 7, 1992); ang pagsusunog ng bandila ng U.S. at Japan sa pagpupulong ng ASEAN sa Pilipinas (Hulyo 26); rali sa Mendiola sa paggunita sa ika-15 taong anibersaryo ng LFS. Naglabas ng direktiba ang Pambansang Kunseho na nanawagan na ituloy ang sinimulang kampanyang propaganda laban sa rehimen.

Sa kalagitnaan ng 1992, inilunsad ng PKP ang buhay-at-kamatayang proseso ng Kilusang Pagwawasto sa paglalabas ng dokumento ng paglalagon sa karanasan nito, ang “Muling Pagtibayin ang mga Saligang Prinsipyo at Iwasto ang mga Pagkakamali”. Ang Kilusang Pagwawasto ay naglalayong punahin ang mga malalang pagkakamali at paglihis sa mga batayang prinsipyo ng PD kilusan na siyang naging dahilan sa di mapantayang paghina ng kilusan mula pa sa maagang bahagi ng dekada 80. Isang tampok na pinuna sa nasabing dokumento ang insureksyunismo at “istratehiyang pol-mil” at gangsterismo ni Popoy Lagman na siyang namayani sa NCR.

Ang dokumentong ito ay nagsilbing gabay sa buong PD kilusan para unawain ang mga kahinaan at mga matunton ang wastong landas para magpalakas at sumulong. Mula sa Kilusang Pagwawasto ay humango ang LFS ng mga aral para unawain ang mga sariling kamalian. Ang pagpuna sa insureksyunismong lungsod ay nakapaglinaw sa mahabang karanasan ng LFS sa intensipikasyon, “pol movement” at polarisasyon. Idiniin din sa “Muling Pagtibayin...” na ang kababaan ng kaalamang teoretikal ang nagiging kundisyon para manuot ang iba’t ibang tipo

ng paglihis sa pangkalahatang linya at programa. Malinaw ding isinaad sa dokumento na walang maaring pumalit sa masikhay na gawaing masa bilang prinsipyo para sa pagpapalakas ng PD kilusan. Ang buhay at kamatayang proseso ng pagwawasto ay magkakaanyo rin ng patining ng tunggalian sa dating LFSNCR. Ang LFS-NCR ay mulat na sumagka sa proseso ng pagwawasto at pagsusulong ng buong LFS.

Noong Enero 1993, nagsimula na ang huling yugto ng tunggalian. Ipinanawagan at binitbit ng LFS ang islogang “Labanan ang pasipismo, repormismo at rebisyunismo!” na mahigpit na nireklamo ng mga lider ng LFS-NCR. Sa rali noong anibersaryo ng Mendiola Massacre ay tumampok ang paghihiwalay ng mga panawagang binitbit ng LFS-NCR at LFS-National. Ang una’y nanawagan ng pagbase sa urban at pagpapatindi ng mga laban samantalang ang huli’y naghikayat ng pagtungo sa kanayunan at ang pagsanib sa kilusang magbubukid. Sa kaunaunahang pagkakataon din ay “nabiyak” ang rali – ang bulto sa pamumuno ng LFSNCR na sumugod sa barikada ng militar, nambato at nakipagkomprontasyon pagkatapos manawagan ng organized dispersal ang LFS-National.

Sunud-sunod ang pagbale-wala ng LFS-NCR-REC sa mga kalatas at direktiba ang Pambansang Kunseho at PKT. Sutil na pinalaganap pa rin ang baluktot na LSK ang Marxismo at Rebolusyong Pilipino (MRP) upang ilako ang mga kontra-PDR at insureksyunistang pananaw sa hanay ng LFS. Naglabas ang PKT ng memorandum sa mga balangay ng LFS-NCR noong Pebrero 1992- “Todo buhos na palaganapin ang ICND”- sa layuning patigilin ang pagpapalaganap ng LSK. Inilabas naman ng PKT noong Marso 8, 1993 ang “Suhetibismo at Ideyalismo sa Ating Panahon o ang Paggamit ng Kaliwang Retoriko para sa Linyang Lihis” upang punahin ang esensyal na kontra-PD linyang gumagapang sa ilalim ng LSK. Tinuligsa nito ang nakasentrosa- urban na balangkas ng LSK at ng mga tagapagtaguyod nito. Ang ICND naman ay may taglay na sariling kamalian tulad ng konsepto ng “mixed economy” at pluralismo. Mapupuna pa lamang ito ng Kongreso ng 1993.

Tinalakay din at pinagtibay ng Pambansang Kunseho ang dokumentong ito noong Marso 1993 sa Davao. Kasabay nito’y inihapag ng PKT ang isang papel hinggil sa usaping pangkapayapaan kung saan iginiit na tanging sa PDR makakamit ang tunay na kapayapaan. Ang Pambansang Kunsehong ito ay naghanda para sa magaganap na Kongreso na dapat ay nailunsad na noong Mayo 1993.

Ang inisyal na buwelo ng kampanya sa pag-aaral sa PD na itinulak noong unang kwarto ng 1993 ay naglinaw at nagpalalim ng paninindigan sa ating kasapian ng PDR at gayundin, nagpainsit sa tunggalian sa mga buktot na elemento ng dating LFS-NCR. Itinindig ang School for National Democracy na itinulak ang mga aralin ng SND at revolutionary violence. Gayundin, ang mga babasahin dokumentong inilabas ng LFS hinggil sa mga isyu ng (The National Crisis, the People’s Movement and Social



Revolution; The Current Situation; at A Commentary and Critique of the 1992 Elections; Insights from Student Militants).

Bagamat maraming pag-iintriga ang dating LFS-NCR-REC - tulad ng hindi paglulunsad ng Kongreso noong 1992 - higit na naging malinaw sa ating kasapian ang tunggalian sa 2 linya sa loob ng organisasyon.

Kinalaunay binakuran ng dating NCR-REC ang mga balangay ng LFS-NCR sa prinsipyong pambansa demokratikong organisasyon . Tumampok dito ang inilunsad na rali ng LFS-NCR noong Hulyo 26, '93. Dito ay itinangging tuligsain ang bagong halal na rehimgeng U.S. Ramos. Kasunod nito'y ang mga hakbang at paraang parlyamentarista gaya ng ginawang paggigiit sa Magna Carta for Student's Rights and Welfare.

Pinangunahan ng mismong namumunong kagawad ng LFS-NCR, na pawang mga kontra PD, ang pag-atake sa Pambansang Kunseho at Pambansang Komiteng Tagapagpaganap (PKT) at pagpapaksyon o paghihiwalay ng LFS-NCR sa balangkas ng pambansang organisasyon. Ang litanya ng mga kamalian, oportunismo at kabuktutan ng mga paksyunalistang lider ng LFS-NCR ay tinunggali at binigo ng mismong pangkalahatang kasapin ng LFSNCR. Mapagpasyang pinatalsik ang mga paksyunalista sa loob ng pamunuan ng LFSNCR sa kanilang Panrehiyong Asemblelia noong Agosto 1993. Pinagtibay naman ang desisyong ito ng Pambansang Kunseho noong Setyembre 1993.

Kung kayat ang paglulunsad ng ika-9 na Pambansang Kongreso ng LFS sa okasyon din ng pagdiriwang sa pananagumpay ng LFS laban sa mga kontra-PD at kontra-rebolusyunaryong pangkatin na matagal-tagal ding nakapang-uk-ok sa pagkakaisa ng ating organisasyon. Napatanto nating mahalaga ang lahatang-panig na pakikipagtunggali – sa larangan ng teorya, pulitika at maging sa organisasyon – upang mapagpasyang mabigo ang mga atake ng mga iilang taksil sa PD kilusan. Bagamat ang lutang na ekspresyon ng tunggalian ay nasa larangan ng organisasyon - pagitan ng mga patakaran at kinalaunan ay humantong sa sagarang pangwawasak at paksyunalismo, hindi maikakailang tunggalian ito ng 2 linya – sa pagitan ng PD at kontra-PD. May malaking ambag ang kaakibat na oryentasyon ng LFS upang mapahigpit ang ating kapit sa PD linya at wasto itong maipagtangol.

Di maikakaila na sinasalubong sa prosesong tunggalian ng 2 linya at tagumpay laban sa paksyunalismo sa loob ng LFS ang proseso din ng pagtukoy nito ng wastong oryentasyon at hanayan ng mga tungkulin. Dumaan pa sa pagpapalawig ang 3 thrusts at pagpapahanap ng wasto at eksaktong pormulasyon ng oryentasyon at mga tungkulin ang LFS mula 1992-1995 bagamat ang dominanteng konsepto pa ring tumatahi sa lahat ay ang PDKP.

Sa pulong ng Pambansang Kunseho noong Oktubre 1992 ay inihapag ang dokumentong Rebolusyunaryong Aktibistang Oryentasyon o ROA. Ang rebolusyunaryong aktibismo, ayon sa dokumento ay siyang kahulugan ng pagsasagawa ng tatlong diin (3 thrust) ng gawain na itinakda ng Pambansang Konseho noong Oktubre 1991.

“In achieving this ROA, the work of the LFS should be thrust towards: one, raising the militance of the students and leading in the political struggles...two, winning over new adherents to the national democratic movement by unceasingly propagating its line, analysis and program,...three, integrating the students movement with the struggle of the basic masses. (“Forward the National Democratic Movement! Strengthen the Revolutionary Activist Orientation of the LFS!”, PRAXIS, Nov 1992)

Inisyal na binasa ang kasaysayan ng LFS mula 1977. Iginit ng dokumento na may mga kamalian at paglihis ang LFS hindi sa linyang PD kundi sa mga prinsipyo ng gawaing masa at linyang masa. Sinabing may pag-iral ng “over and underestimation” sa kapasidad ng sektor sa nakaraan. Ang sobrang pagtanya sa kakayahan ng sektor ay nagtulak ng komandistang kondukta at pawalis na propaganda’t gagsasang mga pagpapakilos sa mga estudyante. Ang underestimation naman ay pagpaling upang tawaran ang kakayahan ng sektor sa pagpapakilos para sa mga pambansa’t politikal na kampanya ng mga kampanya’t pakikibakang masa. Mekanikal na kinonsentra sa mga lokal/pangkampus na isyu dahil hindi raw kayang abutin ng sektor ang pampulitikang pagkilos.

Subalit sa aktwal ay binihisan lamang ng ROA ang umiiral nang 3 thrust sa balangkas ng PDKP. Gaya din ng 3 thrust, hindi ito nagresulta ng komprehensibong pagsulong ng organisasyon. Nanatiling ang mayor na tugkulin lamang ng LFS ng panahong iyon ay maging propagandista para sa PD.

Tumanggap ng maraming negatibong komentaryo ang dokumentong RAO ng PKT mula sa Pambansang Kunseho at sa sumunod na mga “region-hopping” ng Pambansang Kalihiman. Ang sentral na isyu pang lumabas ay usapin ng legalidad – ang terminong “rebolusyunaryo” ay di daw angkop para sa LFS na kumikilos sa balangkas ng legal at depensibang kilusang masa sa kalunsuran. Kinalauna’y iniatras ang dokumentong RAO (Marso 1993) upang hawiin muna ang mga kalituhan hinggil sa dokumento at makapagpokus ang organisasyon sa mga tungkulin.

Sa pagbabalik tanaw ay masasabi natin na tampok na kahinaan ng RAO ang pagkakabuo nito sa balangkas ng “oryentasyong” PDKP. Hindi dapat maging problema ang “rebolusyunaryong oryentasyon” bilang istorikal na papel kung ito ay nangangahulugan ng pagpukaw, pag-organisa at pagpapakilos ng kabataan para sa PD at pagsanib sa batayang masa na siya namang oryentasyon ng isang NDMO. Ngunit ang

“rebolusyunaryong oryentasyon “ ay kalimitang nauwi sa debate ng legalidad ng pananawagan o pagpoproganda nito sa hayag, tanda na rin ng sobrang pagbibigay diin sa oryentasyong PDKP, at kung gayon ay nawawala ang tunay na bisa nito. May tendensyang ipakahulugan ang pagiging rebolusyunaryo sa kakayahang manawagan ng rebolusyon sa hayag. Ang ganitong mga kalituhan ay ibinunga sa kalituhan sa “oryentasyong” PDKP.

Mula sa ika-9 na Pambansang Kongreso noong 1993 hanggang sa ika-10 ay mababanaag ang kakapusan pa rin ng LFS sa eksaktong pagsapol at paglalagat ng mga tungkulin at oryentasyon. Natali ang LFS sa pagbabalangkas nito batay sa tumigas na oryentasyong PDKP. Gayunpaman, may sapat-sapat na naipong lakas ang organisasyon upang maharap niya ang tungkuling ipirmi ang paglalagom ng kanyang karanasan at kasaysayan at sa huli, ang kanyang oryentasyon. Tinukoy noong ika-9 na kongreso na mayroon nang “limang maliliit ngunit ubod-halagang mga tagumpay at tiyak na hakbang sa pagsulong ng LFS.”

Sa inilunsad na Pambansang Kongreso noong 1993, binalangkas ang dalawang taong programa ng LFS (1993-95): “ Isulong ang Pambansa Demokratikong Aktibismo! Likhain ang makapangyarihang kilusang protesta laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo!” Iginiiit sa nasabing programa:

“Sa programa ng pagkilos ng pagkilos ng LFS sa dalawang taon (1993-95), na may bentaha ng higit na mataas na antas ng sintesis ng paglalagom, maipupwesto ng LFS ang kanyang sarili sa mas mataas na antas ng pag-unlad bilang aktibistang pangmasang organisasyon at mawakasan ang matagal na nitong katayuang maliit at mahina.

... pagkilos sa dalawang taon ng pagtataguyod sa mga batayang pambansa demokratikong tungkuling aktibista. Naaayon ito sa ating malalim na pag-unawa sa makasaysayang tungkulin ng kilusang estudyante bilang isang kilusang propaganda para sa PD.”

Sa paglalagom naman ng LFS (1986-91) na pinagtibay sa Kongreso, paloob pa rin ang depinisyon na “sa pinakabatayan, ang kilusang propaganda na nakakawing sa kilusan ng mga manggagawa at magsasaka.” Ang kilusang propaganda na ito ay nakikipagkaisa sa batayang masa upang “makatulong sa pagpupukaw ng mga saligang pwera ng rebolusyunaryong kilusan.”

Binuo ang programa sa dalawang taon na inilatag ng Kongreso ang pagkategorisa na organisasyon ng LFS at kasapian nito bilang “aktibistang ND.” At dahilan na rin sa kontekstong kasagsagan ito ng pag-atake sa PD linya, programa, kilusan; at kasiglahan ng pagwawasto ng organisasyon sa kanyang mga kamalian, itinulak ng LFS ang Kilusang Pag-aaral.

Sa balangkas ng Kilusang Pag-aaral, tinaguriang “pulang kwerpo” ang mga aktibista ng LFS nasa taliba ng nililikhang makapangyarihang rebolusyong kultural na bubudyong at hihikayat sa masang Pilipino upang bagtasin ang militanteng landas” (nasa Commitment, Disyembre 1993). Naging sentral para sa LFS sa panahong ito ang islogan: “Huwag magsawa sa pag-aaral! Huwag mapagod sa pagtuturo!” Ang panawagang ito ang tumahi sa layon ng LFS na pagsulong ang rebolusyong kultural sa kasalukuyang panahon.

Pagpasok ng taong 1994, sa pagdiriwang ng FQS, nanawagan ang LFS na “Magaral, Maglingkod, Makibaka” na ang diin ay pag-aaral ng PDR, pagpapalaganap at pagtatanggol laban sa mga kontra-PD, pakikisalamuha sa masa dahil sila ang pinaglilingkuran ng PDR at ang pagpaparami ng mga PD aktibista.

Sa balangkas ng panawagan “Mangahas Magmulat! Mangahas Magpalalim ng Kamulatan!” ipinuwesto ang malaganap na tungkuling pampropaganda laban sa pagtaas ng presyo ng langis noong Pebrero 1994. Matagumpay ito lalo na sa pagpapakilos (10,000, 4000 sa NCR at libo-libo pa sa iba pang mga probinsya.

Kaya’t nangahas din ang LFS na pag-aralan at igiit ang mga batayan, prinsipyo ng PD pakikibaka at sosyalistang perspektiba nito. Masigasig na pinag-aralan ang mga dokumentong Lipunan at Rebolusyong Pilipino ni Amado Guerrero, Reaffirm Our Basis Principles and Rectify Our Errors at Stand for Socialism Against Modern Revisionism ng Partido Komunista ng Pilipinas. Pinag-ukulan din ng panahon ng LFS na pag-aralan ang mga sulatin ni Mao Zedong at iba pang rebolusyunaryong lider at guro.

Noong Abril 1994, sa pulong ng Pambansang Konseho sa Naga ay pinagtibay ang “Mga patakaran at Prinsipyo sa Pagbubuo ng LFS” na kinalauna’y inilabas sa PRAXIS. Nilaman nito’y mga prinsipyo sa gawaing masa ng LFS, pagpapalawig pa sa Kilusang Pagaaral, Maglingkod sa Sambayanan at gabay sa pagpapanibagong hubog sa sarili ng mga aktibistang kasapi. Ang Kilusang Pag-aaral sa PD at tinukoy na “... kilusang kasalukuyang pinamumunuan ng LFS” at “... katawagang ginagamit natin para sa kilusang propaganda para sa PD...”

Nagkaisa ang Pambansang Konseho sa mga panawagang “Isulong ang Kilusang Pag-aaral para sa Pambansa Demokrasya! Tumanaw sa Paglikha ng Ikalawang Makapangyarihang Sigwa ng PD Kilusang Estudyante!” Ang nais sabihin ay iluwal ang kilusang pag-aaral na ito ang isang makapangyarihang sigwa ng sektor. Ito ang balangkas na ginamit ng LFS sa halos buong panahon hangang ika-10 Kongreso.

Bagaman hindi maitatangi na ang Kilusang Pag-aaral ay tumulong para sa LFS na kaharapin ang mga atake sa LFS at sa ND. Gayundin, may naiambag ito sa epektibong naglalantad sa atake't maniobra ng rehimen ng U.S-Ramos at imperyalismo.

May mga makabuluhang pagsulong na nakamit ang FQS sa iba't-ibang larangan ng gawain mula 1994 hanggang 1995. Tampok dito ang malawakang kampanya at pagpapakilos na sinagawa bilang protesta sa OPH noong Pebrero. Naglunsad din ng sustenidong kampanya at protestang anti-imperyalista na lumundo sa serye ng mga militanteng pagkilos laban sa pagdating ni Clinton at ng pagpirma ng Pilipinas sa GATT-WTO.

Gayundin ang papanibagong-sigla sa gawaing integrasyon sa hanay ng mga manggagawa at magsasaka. Sa NCR, malawakang nagpakilos para sa suportang kampanya sa welga sa ShoeMart. At bilang patunay din ng muling pagsikad ng pakikipamahay, pakikipag-aralan at paninilbihan sa kanayunan, nasimulan din ang programa ng "boycott summer classes" para sa summer integration sa karatig probinsya. Hindi rin iilang mga martir mula sa hanay ng LFS ang binigyang-pugay ng ating organisasyon. Silang mga nagbuwis ng buhay habang gumagampan ng pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa hanay ng magbubukid. Di lang buo ang loob na sumanib sa Bagong Hukbong Bayan upang paglingkuran ang sambayan.

Ang mga karanasang ito ay nagpabilis din sa proseso ng paggagap ng LFS sa kanyang wastong oryentasyon. Ibinuka ng mga ito ang hanayan ng mga tungkulin at rekisito sa komprehensibong pagpapaunlad ng LFS.

Tuloy-tuloy pa rin sa gitna ng Kilusang Pag-aaral ang pagkapit sa NDPM bilang oryentasyon ng LFS. Dito makikita ang paling na puspulang nag-aaral ng ND ang LFS para sa kanyang puspulang paggampan sa pagpopropaganda nito. Gayundin, makikita ang posibleng tunguhin ng organisasyon sa ganitong oryentasyon: ang mauwi ang LFS sa intelektwalisasyon at kumitid na lamang bilang kulumpong ng mga abante't "elite" na kwerno ng Pulang aktibista. Gayundin, sa pag-aakalang lilikha ng isang makaisang panig na ipinalagay na ang tungkulin lamang ng sektor ay ang kilusang propaganda.

Sa kalaunang praktika, nakita ng LFS ang limitasyon ng PDKP. Napakitid nito ang kabuuang pag-susulong ng organisasyon: ang linyang pampropaganda sa lahat ng pagkakataon ay ang linyang pampulitika (ND), kung kaya ang nalikhang kilusang protesta ay yaong nakahahagip lamang ng mga abante (masang handang yumakap sa ND). Eksklusibisyunista dahil nga sa abanteng masa lamang ang kanyang nahahagip sa organisasyon. Elitista dahil hindi integral sa kanya ang gawain sa batayang masa. Partikularista dahil ang kanyang kilusan bilang kilusang propaganda ay tali lamang sa sariling sektor. Lahat ito ay ibinunga ng humigpit na kapit ng LFS sa maraming taon ng pagyakap sa PDKP bilang oryentasyon.

Ang mga realisasyon ng LFS hinggil sa buong-panahong pag-iral at pagtigas ng PDKP at ang mga bumukang karanasan sa iba't-ibang mga tungkulin lalo na sa gawain sa batayang masa at solidong pag-oorganisa, ay naghatid sa LFS upang maipwesto ang kanyang wastong oryentasyon at hanayan ng mga tungkulin mula sa Kongreso ng 1995 hanggang sa pulong ng Pambansang Konseho sa taon ding iyon.

Tinukoy ng Kongreso na maling iangat sa antas oryentasyon ang NDPM dahil na rin sa mga iniluwal na pag-unlad sa praktika ng LFS. Tinimbang at binigyang halaga ng Kongreso ang oryentasyon ng LFS na bigkisin ang pinakamalawak na bilang ng kabataang estudyante sa bandila ng pambasa demokratikong pakikibaka at mahigpit na pagkakawing nito sa kilusan at pakikibaka ng masang anakpawis.

Gayunpaman ay may lampas na pagkaunawa sa bagong oryentasyon at mga tungkuling inilatag ng karanasan ng LFS noong Kongreso ng 1995. Sa diwa ng “all for the BM” ay naipihit mula sa isang abanteng pamantayan (NDPM) ang ating pampulitikang gawain tungo sa isa pang abanteng pamantayan (matinding class bias sa kilusang anakpawis). Mula dito ay nasilaw ang ating organisasyon sa mataas na pagsukat ng aktibismo ng kabataang-estudyante at ang halos pagiwas sa pagtugon sa makatarungang interes (na peti-burges) ng mga kabataang estudyante. Kundi man pag-iwas sa mga kampanya para sa lehitimo at makatarungang interes sa demokratikong karapatan at kagalingan ay nauwi sa mataas at solidong linyang pampropaganda (ND) ang kabuuang disenyo na dapat sana’y konkretong taktikal na laban ng mga mag-aaral na maaring pamunuan ng LFS. Ito ay isa lamang sa mga panandaliang iniluwal ng makaisang-panig na pagtuton at lampas na pagkaunawa ng LFS sa kanyang bagong oryentasyon. Kinalauna’y lahatang-panig na tinanaw ang mga aral na ito at tinasa ang mga paling-paling na niresulta ng proseso ng pagpipirme at paghahanap ng wastong oryentasyon at mga tungkulin ng LFS.

Noong Oktubre 1995, sa pagpupulong ng mga pambansang lider ng LFS sa Iloilo, inilatag ng PKT ang pwesto ng oryentasyon na: **Pukawin, oganisahin at pakilusin ang pinakamaraming bilang ng kabataang estudyante para sa pagsusulong ng pambansa demokratikong adhikain ng sambayanang Pilipino! Mahigpit na sumanib at makipag-isa sa kilusan at pakikibaka ng masang manggagawa at magsasaka!**

Sa buong panahon ng inilarga ng pagkilos ng LFS mula 1992 hanggang ngayon, umani ng di pa napapantayang tagumpay ang organisasyon sa kanyang kasaysayan.

Nakapanaig ang LFS sa atake ng mga paksyunalista na nagtatangan ng kontra-PD paninindigan. Naipagtanggol ng LFS ang PD linya. Mapagpasyang natukoy ang mga disoryentasyon, kahinaan at kamalian ng LFS (3yr. SU) at naaresto ang tunguhing pagbagsak ng organisasyon. Hanggang ngayon ay patuloy na pinanghawakan ng LFS ang mga aral na nahalaw mula sa kanyang pagkakatatag at hanggang sa pagiging PDMO nito.

Ngayon nga'y nilulubos ng LFS ang pagiging PDMO sa kurso ng kanyang pagdiskubre sa limang tindi ng dinaanang disorientasyon at, sa pagluwal sa kanya mula sa sariling karanasan at kasaysayan bilang kumprehensibo at pangunahing PDMO sa sektor.

## **MGA KONKLUSYON AT ARAL**

Hitik sa mga aral ang maningning na kasaysayan ng LFS. Sa pagbaybay ng kanyang karanasan, maraming mga usapin ang nailinaw. Maraming katanungan ang nabigyan ng kasagutan. Mapagpasyang naturol ang mga mayor na disorientasyon at napuna ang mga malalaking pagkakamali. Gayundin, naipwesto ang mga mahahalagang mga tagumpay na siyang tinutungtungan ng LFS sa kasalukuyan upang higit pang lubusin ang kanyang makasaysayang landas tungo sa isang tunay na pambansa demokratikong organisasyon sa hanay ng mga kabataang estudyante.

Mula sa pagiging isang malapad na anti-imperyalista at demokratikong alyansang bumasag sa katahimikan ng pasistang diktadura at naggiit ng mga demokratikong kahilingan ng sektor at ng mamamayan, buo ang loob nitong tinahak ang landas ng pagiging isang masang organisasyong nagsisikap ibandila at isulong ang PD kilusang estudyante sa balangkas ng hayag na kilusang masa sa kalunsuran.

Mula sa mabuway na pagkakabuo hanggang sa pagharap sa mga maling patakarang halos todong lustayin ang kanyang lakas at organisasyon, nakapangibabaw ito sa mga pagkakamali't walang puknat na pagpuna sa sarili't humakbang patungo sa wastong pagtangan sa kanyang tungkulin at oryentasyon sa balangkas ng kabuuang PD pakikibaka.

Mula sa makasariling pagtanaw sa kakayahan at pagpapalaki ng halaga ng sektor sa kabuuang PD rebolusyon, mapakumbabang kinilala ng LFS ang obhetibong makauring interes at katangian nito at inialay ang sarili sa paglilingkod sa malawak at matatag na kilusang anakpawis.

Gayon na lamang ang ipinamalas na determinasyon ng LFS. Ngayo'y ninanamnam ng organisasyon ang mahigit sa 18 taong kasaysayan ng LFS, marapat na tanganan, at tanganan nang mahigpit ang mga aral na nagbibigay sa organisasyon ng mas adbentaheng pusisyon upang iluwal ang tunay ng PD kilusang estudyanteng nakabatay sa wastong oryentasyon at handang harapin ang hamon ng kasalukuyang panahon.

Bilang konklusyon, higit na mahalagang masapol:

Na sa mahabang panahon simula nang nanindigan ang LFS sa PD pakikibaka (1982- 83) ay sinikap nitong ilapit sa PD kilusan ang sektor ng kabataang-estudyante. Mismong sarili nito’y dumaan sa papaunlad na proseso ng pagsapol, pagtangan at pagtatanggol sa PD linya. Kaakibat nito’y ang pagbuo ng organisasyon atpagkakaisa sa pambansang saklaw. Bagama’t makikita sa kasaysayan na hinagip pa rin ng mga matitinding kamalian (\*katulad ng maling programang intensipikasyon) dahil hindi pa lubos ang pagtangan sa PD linya, hindi naman tuluyang lumihis ang LFS.

Sukdulang sagupain ito at nanaig laban sa kontra-PD ng LFS sa PD linya at kilusan. Ang mga kamalian ay dinulot ng malabnaw ng pag-unawa sa linya. Mabuway ang simula ng LFS bilang PDMO at mali ang oryentasyon dahil sa hindi pag-unawa sa makauring paninindigan. Ang mga balakid na ito ay naghulog din sa LFS sa mga pangkalahatang disoryentasyon.

Puspusan itong lumaban kahanay ng sambayanan laban sa reaksyon, panunupil at kontra-rebolusyon. Ang mahabang talaan ng mga martir ng KKE at LFS sa bawat yugto ng sagupaan sa mga naghaharing uri, ay patunay ng pagpupunyagi pa rin ng LFS sa pangkabuuan sa pagsusulong ng mga pambansa demokratikong adhikain ng masang estudyante at sambayanan. Ang mga ito, sa huling pagsusuri, ang makapagpanatili at nakapagsulong sa LFS hanggang sa kasalukuyan.

Na ang susing usapin sa pagsusulong ng pambansa demokratikong KKE ay kung paano itatransorma ang estudyante bilang mga rebolusyunaryo.

Kinakailangan munang mapagpasyang punahin ang partikularismo ng sektor angsobrasobra nitong pagtantya at pagtataya sa sarili sa loob ng PD kilusan para lubos na maunawaan ang wastong lugar nito sa PD kilusan. Kinakailangan munang resolbahin ang makaisang panig na pagsalalay sa positibong papel ng KKE at pagtampok sa sariling halaga at papel nito sa PD pakikibaka.

Ang mismong makauring batayan ng sektor - ang peti-burges at ang kanyang pagkamabuway - ang mismong idadaan sa proseso ng pagsubok at pagpapanday upang lubusang makalahok sila sa matagalang pambansa demokratikong pakikibaka. Kinakailangan ang puspusang pag-aral sa teorya ng MLKMZ, ang walang sawa na pagsanib sa kilusan ng batayang masa ng manggagawa at magsasaka at paglipos ng diwa ng paglilingkod sa sambayanan at ang tuloy-tuloy na rebolusyunaryong paghuhubog sa sarili upang tiyaking makakapagpasulpot ng PDKKE ng mga aktibistang buong-panahong kikilos para sa PD rebolusyon at sa batayang masa.

Na ang wastong oryentasyon ng kilusang kabataang estuyante at ng LFS ay angmagmulat, mag-organisa at magpakilos ng kabataang-estudyane para sa PD interes ng sambayanang Pilipino at mahigpit na sumanib sa kilusan ng masang anakpawis. Ito ang pinakamainam na paglalagat ng mga tungkulin na nakatuntong sa obhetibong



makauring nagtuturo ng tamang perspektiba ng pag-unlad ng KKE. Gayon din, wastong ipinupwesto ang lugar ng KKE sa buong PD kilusan. Dapat pagkaisahin ang buong organisasyon sa pagwawasto sa PDKP bilang oryentasyon ng KKE at ng LFS. Kahima't may naiambag ito sa proseso ng pagpapakapit sa buong LFS sa PD linya, hindi maitatwa na ang iniluwal din ng halos pag-ari sa PDKP bilang oryentasyon ng KKE lamang ay ang sobrang pagpapahalaga sa sarili sa loob ng organisasyon. Ang paglalaro sa intensipikasyon, ibinunga ng makaisang panig na pagtangan sa oryentasyong bangkaroteng linyang "Student Power."

Kailangang maipatimo na ang PDKP ay gawain ng buong PD kilusan bagamat may natatanging papel at ambang ang KKE sa pagsusulong nito. Kailangang maipwesto ang matagal nang umiiral na distorsyon sa kasaysayan ng KKE na ang panahon ng 1960's-70's at ng KM ay panahon ng PDKP ang oryentasyon ng KKE. Dapat nating maunawaan na naging instrumental ang KM at ang proletaryong Kilusang Propaganda na lumundo sa Unang Dakilang Kilusang Pagwawasto at muling pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas. Mula noo'y tinanganan na ng buong PD rebolusyunaryong kilusan ang tungkuling ito. Hanggang sa kasalukuyan, kahit na panghawakan natin itong tungkulin, hindi na sumasapat at di na angkop na ariin natin ito muli bilang ating oryentasyon at tungkulin.

Na ang LFS bilang bahagi ng KKE, sa kasalukuyang hanayan ng mga wastong tungkulin at oryentasyon nito, ay gumagampan ng tungkulin sa pagrerebolusyonisa ng kabataan-estudyante. Wala nang ibig duhain ang mga pagsisikap sa paglilinaw ng ating pagkalahatang gawain sa sektor at sa buong PD kilusan kundi punan ang istorikong pangangailangang pandayin ang pagkakaisa ng petiburges na kabataan-estudyante at pagpapasulpot ng mga aktibistang lipos ang diwang maglingkod sa sambayanan, may pagtalima sa siyentipiko, demokratiko't rebolusyunaryong teorya at pananaw sa daigdig at handang hubugin ang sarili para sa buong panahong pagkilos na PD rebolusyon at kilusang anakpawis.